



# MAGHANDA SA MGA MALALAKAS NA HANGIN



**Manood ng mga balita sa lagay ng panahon para sa mga posibleng bagyo ng hangin. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong makapaghanda bago humihip ang malalakas na hangin.**

## Pansariling Paghahanda

- Gamitin ang Take Winter By Storm Checklist para maghanda sa isang pang-emerhensiya na kit (kagamitan), kasama ang radyo, plaslayt, dagdag na mga baterya, isang first-aid kit (pangunahing lunas na gamit), impormasyon ng emerhensiya na kontak, tubig at hindi napapanis na pagkain. Maaari mong mahanap ang detalyadong listahan sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org).
- Magtabi ng mga plaslayt, mga dagdag na baterya at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong serbisyong pampubliko sa isang madaling makuhang lugar sa iyong bahay at trabaho sa kaganapan na mawalan ng kuryente.

## Pagkawala ng Kuryente

- Maghanda na mawalan ng kuryente bago pa man ang panahon ng bagyo.
  - Kung ikaw ay nagtatanim ng mga puno na malapit sa mga linya ng kuryente, tiyakin na magtanim ng tamang puno sa tamang lugar upang ang paglaki nito ay hindi makakasagabal sa mga linya ng kuryente.
  - Tawagan ang iyong serbisyong pampubliko sa kuryente kung makakita ka ng mga puno na nasa o malapit sa iyong ari-arian na nakakasagabal sa mga linya ng kuryente.
- I-ulat ang kawalan ng kuryente o bumagsak na mga linya ng kuryente sa sandaling maganap ang mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong serbisyong pampubliko.
- Parating lumayo mula sa mga bumagsak na linya ng kuryente; o anumang malapit sa linya ng kuryente.
- Kung matagpuan mo ang iyong sarili na malapit sa isang bumagsak na linya ng kuryente, lumayo mula sa linya ng kuryente upang maiwasan ang pagkakakuryente o ground shock.
- Huwag magmaneho sa ibabaw ng mga bumagsak na linya ng kuryente. Kung bagsakan man ng linya ng kuryente ang iyong kotse habang ikaw ay nagmamaneho, manatili sa kotse hanggang dumating ang tulong.
- Kung kailangan mong iwanan ang iyong kotse dahil sa sunog o iba pang pinsala, tumalon palabas ng sasakyan para hindi mo mahipo o mahawakan ang sasakyan at sahig nang sabay. Bumagsak nang sabay na nakalapat ang iyong mga paa at ilayo ang iyong mga paa mula sa linya patungo sa isang ligtas na lokasyon.
- Kung mawalan ng kuryente, gamitin ang mga plaslayt. Iwasan ang mga kandila, oil lamp o anumang bagay na may bukas na ningas.
- Huwag kailanman gumamit ng uling o mga gas grill bilang panloob na pampainit o pangluto. Maaari maging sanhi ang mga ito ng pagkakalason sanhi ng carbon monoxide.
- Gumamit ng mga light stick o maliliit na plaslayt bilang mga landing strip (palapag na bagsakan) para sa mga lugar na madaling matalisod sa iyong bahay. Pulutin ang mga kalat sa mga sahig para maiwasan na matalisod.
- Sundan ang mga instruksyon ng manufacturer (tagagawa) kapag gumagamit ng generator. Subukan ang paggana ng mga generator bago mawalan ng kuryente at basahin muli ang mga rekomendasyon ng manufacturer (tagagawa) ukol sa koneksyon at fueling. Hanapin ang mga generator sa labas at malayo mula sa mga pintuan, bintana at mga bent na maaaring magpapasok sa looban ng carbon monoxide.
- Huwag kailanman gumamit ng generator sa loob ng mga bahay, garahe, mga crawlspace, silungan o mga katulad na lugar. Ang mapapanganib na antas ng carbon monoxide ay madaling naiipon sa mga lugar na ito at maaaring magtagal ng ilang oras, kahit na naisara na ang generator.
- Maglagay ng gumagana sa baterya na carbon monoxide na mga alarma o mga isinasaksak na carbon monoxide alarma na may pamalit o back-up na baterya sa iyong bahay, ayon sa instruksyon ng manufacturer (tagagawa). Madalas na subukan ang mga baterya.
- Panatilihin ganap na may charge ang iyong mga contact device (mga cellphone, smartphone, laptop, tablet) sa kaganapan na mawalan ng kuryente o bago lumabas ng matagal na panahon. Para masiguro ang backup (alternatibo), magdala ng mga charger at charger sa sasakyan para sa iyong mga contact device.
- Gumamit ng text messaging kung ang kawalan ng kuryente at mga napuputol na network ay magiging dahilan ng hindi makatawag. Ang mga wireless na telepono ay hindi gagana kung walang kuryente. Ang corded (tinatawag din na land line) na mga telepono ay ang pinakamaasahan.
- Panatilihin mayroong kaalaman sa mga nangyayari. Gamitin ang iyong baterya o hand crank (pinipihit ng kamay) radio para makinig sa mga lokal na channel para sa mahahalagang mga balita at kautusan. Magpunta sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org) para sa mga link kung paano magparehistro para sa mga alert system (sistema ng pag-alerto) sa iyong lugar.

**Kapag tumama ang matinding pag-hip ng hangin, tiyakin muna ang pansarili mong kaligtasan. Tapos ay tingnan ang pamilya, mga kaibigan, at mga kapit-bahay para tiyakin nasila ay nasa mabuting kalagayan.**